


Promosyon ng Panlahing Integrasyon at
Pag-iwas sa Panlahing Diskriminasyon sa mga Paaralan



(Tagalog Version)

Nilalaman

1. Panimula	2
2. Ano ang nilalayong matamo ng munting aklat na ito?	3
3. Bakit mahalaga na maunawaan ang Ordinansa sa Diskriminasyon sa Lahi?	3
4. Kailan nagaganap ang diskriminasyon?	4
A. Direktang diskriminasyon	4
B. Hindi direktang diskriminasyon	5
a) Kinakailangan na wika sa mga paaralan	5
b) Mga relihiyosong kaugalian at alituntunin sa paaralan	6
5. Ano ang panlahing panggigipit?	7
A. Hindi katanggap-tanggap na asal	7
B. Masungit na kapaligiran	8
6. Ano ang panlahing paninirang-puri?	9
7. Ano ang diskriminasyon sa pamamagitan ng pambibiktima?	9
8. Ano ang mga hakbang na gagawin kung naranasan ang diskriminasyon?	10
9. Sino ang may pananagutan sa pagkilos ng labag sa batas?	10
A. Mga mag-aaral/kawani ng paaralan/mga guro/mga aplikante na mag-aaral	10
B. Mga administrador ng paaralan/Komite sa Pangangasiwa na Inkorporada	10
10. Ano ang mangyayari kapag may nireport na diskriminasyon o panggigipit sa EOC?	11
11. Anong uri ng areglo ang maaari kong matanggap sa pamamagitan ng pakikipag-ayos?	13
12. Mga Kadalasang Tanong mula sa mga paaralan/kindergarten	14
13. Mga Kadalasang Tanong ng mga magulang/mag-aaral	20
14. Mga iminumungkahing kaugalian	25
A. Para sa mga paaralan	25
B. Para sa mga magulang	26
15. Mga kapaki-pakinabang na link at kontak	27

1. Panimula

Ang edukasyon ang susi sa kinabukasan ng ating mga anak. Hindi lamang pinangyayari ng edukasyon ang mga indibidwal na mapaunlad ang kanilang potensyal, ito rin ang instrumento upang may makamit sa ibang mga larangan, at makahanap ng trabaho. Ang pagsiguro sa pantay na pag-access sa edukasyon na may kalidad para sa lahat ng mga miyembro ng komunidad ay pundamental sa pagbuo ng mga yamang tao nang ganap, at pagpapanatili ng pagiging kumpetitibo ng ating lipunan. Bilang karagdagan, importante ito sa pagkamit ng pagkapantay-pantay at katiwasayan sa lipunan.

Sa usaping ito, ang mga paaralan ay nasa puso ng edukasyon at pangkalahatang pag-unlad ng ating mga anak. Dapat tanggapin ng mga paaralan ang mga bata mula sa magkakaibang pinanggalingan at pangyarihin sila na makinabang sa lahat na maiaalok ng edukasyon kasama ang kaalaman, panlipunang pakikisalamuha at mabuting pagkamamamayan. Gayunpaman, ang layuning ito ay maaaring matugunan lamang kung magtutulungan ang mga paaralan, guro, titser, magulang at mag-aaral tungo sa paglikha ng isang inklusibo at matiwasay nang ayon sa lahi na kapaligiran sa pagkatuto, na siyang krusyal sa paghatid ng edukasyon na may mataas na kalidad at makatarungan.

Sa mga nagdaang taon, lumalaking bilang ng mga paaralan ang nagbukas ng kanilang mga pinto sa mga mag-aaral na etnikong minoridad. Ang ibang mga paaralan ay mariin na pinapayuhan na sumali sa kanilang mga ranggo dahil ang inklusibong kultural na kapaligiran sa paaralan ay makikinabang hindi lamang ang mga mag-aaral na etnikong minoridad, ngunit pati lahat ng ibang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagdiversify ng kanilang pagkalantad sa wika, pagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa iba at pagbuo ng pandaigdig na perspektiba. Habang ang pagsunod sa batas ay mahalaga, ang mga paaralan ay hinihimok na mag-isip ng mga paraan at yakapin ang katotohanan na ang mga etnikong minoridad na nakatira sa Hong Kong ay integral na bahagi ng ating lipunan. Ang pag-unawa kung paano inilalapat ang Ordinansa sa Diskriminasyon sa Lahi (RDO) sa paaralan at ang pagtataguyod ng panlahing integrasyon ay hindi limitado sa mga paaralan na tumatanggap ng mga mag-aaral na etnikong minoridad. Lahat ng mga mag-aaral bilang mga haliging ating lipunan sa hinaharap ay dapat magkaroon ng ganitong kaalaman at pag-uugali.

2. Ano ang nilalayong matamo ng munting aklat na ito?

Ang layunin ng munting aklat na ito ay makapagturo. Sa tulong ng mga totoong sitwasyon at halimbawa, hindi lamang ipinapaliwanag ang batas, bagkus, ang mga prinsipiyo sa likod ng batas sa praktikal na konteksto ay karagdagang kinaklaro. Sa partikular, ang mga layunin ng munting aklat na ito ay ang mga sumusunod:

- ✍ Ipaalam at turuan ang mga paaralan, guro, titser, magulang at mag-aaral tungkol sa mga prinsipiyo ng panlahing pagkapantay-pantay;
- ✍ Magbigay inspirasyon sa lahat ng mga stakeholder na magtulungan sa pagtanggap at pagsunod sa mga prinsipiyong ito;
- ✍ Ipaliwanag ang aplikasyon ng RDO sa mga kindergarten, paaralan at ibang mga institusyong pang-edukasyon; at
- ✍ Magbigay ng mga kapaki-pakinabang na mungkahi upang tulungan ang mga institusyong pang-edukasyon na sumunod sa RDO, pati sa mga pangkalahatang prinsipiyo ng panlahing inklusyon at integrasyon.

3. Bakit mahalaga na maunawaan ang Ordinansa sa Diskriminasyon sa Lahi?

Ang RDO, na ipinasa noong 2008, ay nagbabawal sa diskriminasyon ayon sa lahi, kulay, lipi, pambansang pinagmulan at etnikong pinagmulan. Ang RDO ay mailalapat, bukod sa iba pa, sa mga larangan ng edukasyon at probisyon ng mga biling, pasilidad at serbisyo. Kaya, ang RDO ay nag-oobliga sa mga paaralan, sentro ng tutorial, kindergarten, ibang institusyong pang-edukasyon at sentro ng pangangalaga sa bata.

Sa pamamagitan ng pag-unawa at pagsunod sa RDO, hindi lamang ang mga paaralan ang maaaring makatupad sa kanilang mga legal na obligasyon at lumikha ng pagkapantay-pantay at inklusyon sa paaralan, ngunit maaari rin silang makaiwas sa mga reklamo at paglilitis ukol sa diskriminasyon.

Para sa mga magulang at mag-aaral, ang munting aklat na ito ay tinutulungan kang maunawaan ang iyong mga karapatan at obligasyon sa ilalim ng RDO at ang kaparaanan para sa pagtutuwid kung ikaw o iyong mga anak ay diskriminahan batay sa lahi. Para sa mga paaralan, nagsisilbi ito bilang isang sanggunian para sa pagbubuo ng mga patakaran at hakbangin para sa promosyon ng dibersidad at inklusyon, na sa pamamagitan ng mga ito uunlad at mamumuhay ang mga mag-aaral sa isang multikultural na kapaligiran.

4. Kailan nagaganap ang diskriminasyon?

A. Direktang diskriminasyon

Nangyayari ang direktang diskriminasyon kapag ang isang tao ay tinatrato na hindi gaanong kanais-nais batay sa kanyang lahi. Halimbawa, kung nagdesisyon ang paaralan na tanggihan ang admisyon sa isang mag-aaral dahil sa kanyang etnikong pinagmulan, maaaring itong maging paglabag sa RDO.

(Sumangguni sa FAQ#1 mula sa mga magulang/mag-aaral)

Ang Seksiyon 26 ng RDO ay nagsasaad na labag sa batas para sa responsableng lupon ng isang edukasyonal na establisyimento na diskriminahan ang isang tao batay sa kanyang lahi:

- (a) Sa mga tuntunin na naging batayan nito na aluking tanggapin ang tao sa establisyimento bilang isang mag-aaral;
- (b) Sa pagtanggi, o tahasang ipuwera na tanggapin, ang isang aplikasyon para sa admisyon sa taong iyan sa establisyimento bilang isang mag-aaral;
- (c) Kung saan ang tao ay isang mag-aaral ng establisyimento:
 - (i) Sa paraang pinapayagan niya ang tao na ma-access ang anumang mga benepisyo, pasilidad o serbisyo, o sa pagtanggi o tahasang pagpuwera na payagan ang tao na ma-access sila; o
 - (ii) Sa pagpapalayas sa tao mula sa establisyimento o pagpapasailalim sa kanya sa ibang danyos.

Maaari ring maganap ang direktang diskriminasyon kung ang mga mag-aaral, na tinanggap sa isang paaralan, ay tumanggap ng hindi kanais-nais na pagtrato batay sa kanilang lahi. Maaaring lumitaw ang hindi kanais-nais na pagtrato mula sa mga kaibahan sa uri ng o access sa suporta ng paaralan, sa paghawak ng mga kahilingan o pagtatanong mula sa mga mag-aaral o magulang, sa pakikilahok sa mga aktibidad/club o forum ng paaralan at sa pag-ehersisyo ng pandisiplinang aksiyon. Halimbawa, kung ang isang mag-aaral mula sa isang partikular na lahi ay tumanggap ng mas mahigpit na pandisiplinang aksiyon kumpara sa ibang mga mag-aaral dahil sa kanyang lahi, maaari itong maging diskriminasyon sa lahi sa ilalim ng RDO.

Bagaman ang mga sentro ng pangangalaga sa bata ay hindi nakarehistro bilang mga paaralan, sila ay itinuturing na mga tagapagkaloob ng serbisyo sa ilalim ng RDO. Kung

tumanggi ang isang sentro ng pangangalaga sa bata sa isang prospektibong user dahil sa kanyang lahi, maaari itong maging paglabag sa RDO.

Isinasaad ng Seksiyon 27 ng RDO na labag sa batas ang sinumang tao na kinauukulan na may probisyon sa mga bilihan, pasilidad o serbisyo na diskriminahan ang isa pang tao na humihingi na kumuha o gamitin ang mga bilihan, pasilidad o serbisyonang iyon (nang may bayad o wala):

- (a) Sa pagtanggap, o sinadyang hindi magbigay, sa ikalawang nabanggit na tao ng anuman sa kanila;
- (b) Sa pagtanggap o tahasang pagpuwera na magbigay sa taong ikalawang binanggit ng mga bilihan, pasilidad o serbisyo ng kahalintulad na kalidad, sa kahalintulad na paraan, at sa kahalintulad na tuntunin na karaniwan sa kaso ng taong unang binanggit.

Sa ilalim ng RDO, ang diskriminasyon batay sa lahi sa isang malapit na kamag-anak ay labag sa batas din. Ang isang malapit na kamag-anak ay nangangahulugang asawa, magulang o anak, lolo/lola o apo, kapatid at bayaw/hipag.

B. Hindi direktang diskriminasyon

Nangyayari ang hindi direktang diskriminasyon kapag ang isang pankalahatang pangangailangan o kondisyon, na hindi maaaring ipagkatwiran sa mga batayan na hindi panlahi, ay inilalapat ng pantay sa mga tao na may iba't ibang lahi ngunit mayroon itong hindi patas na epekto sa partikular na panlahing grupo dahil (i) mas maliit na porsyento ng mga tao mula sa panlahing grupong iyan ang nakatutugon sa kinakailangan kumpara sa porsyento ng mga tao ng ibang mga panlahing grupo, at/o (ii) ang kondisyon ay nagbibigay ng danyos sa mga tao ng partikular na grupong iyan dahil hindi nila ito natutugunan.

a. Kinakailangan na wika sa mga paaralan

Sa ilalim ng RDO, ang wika ay hindi sinasaklaw sa ilalim ng depinisyon ng lahi at ang mga paaralan ay hindi kinakailangang baguhin ang midyum ng pagtuturo.

Gayunpaman, dahil ang wika na ginagamit ng mga tao ay madalas iniuugnay sa kanilang lahi, ang pagtrato base sa wika ay maaaring mangdiskrimina laban sa mga partikular na panlahing grupo.

Maaaring maganap ang hindi direktang diskriminasyon sa edukasyon kapag ipinataw ng isang paaralan ang isang kinakailangan sa bawat mag-aaral/prospektibong mag-aaral, ngunit may epektong diskriminasyon sa mga nanggagaling sa mga partikular na panlahing grupo at hindi makatwiran ang kinakailangan sa mga batayang hindi panlahi. Ang hindi direktang diskriminasyon na may kaugnayan sa wika ay maaaring lumitaw sa mga sumusunod na sirkumstansiya:

📖 Kinakailangang wika sa panahon ng admisyon

Kung kinakailangan ng isang paaralan, sa kawalan ng anumang makatarungang rason, ang lahat ng mga aplikante at kanilang mga magulang na magsalita ng Cantonese sa buong paaralan sa panahon ng mga panayam bilang paunang kinakailangansa paga-apply sa paaralan at ang mga tao ng partikular na lahi ay hindi kayang sumunod sa kinakailangang ito.

(Sumangguni sa FAQ#2 mula sa mga paaralan/kindergarten at FAQ#1 mula sa magulang/mag-aaral).

📖 Mga abiso at komunikasyon sa paaralan

Kung nagbibigay lamang ang paaralan ng mga komunikasyon sa wikang Tsino sa mga magulang ng etnikong minoridad na hindi nagsasalita, nagbabasa o sumusulat sa Tsino, nang walang anumang makatarungang rason.

(Sumangguni sa FAQ#3 mula sa mga paaralan/kindergarten at FAQ#5 mula sa mga magulang/mag-aaral).

Sa madaling salita, ang mga mag-aaral ay kailangang masiguro na ang bawat mag-aaral ay may pantay na tsansa na matuto nang walang anumang sagabal sa wika.

b. Mga relihiyosong kaugalian at alituntunin sa paaralan

Bagaman hindi sinasaklaw ng RDO ang relihiyosong diskriminasyon sa Hong Kong, ang pagkakaroon ng malinaw na linya sa pagitan ng lahi at relihiyon ay madalas na mahirap. Ang mga relihiyoso at kultural na kaugalian ay maaaring iugnay sa panlahing pagkakakilanlan. Sa mga partikular na relihiyosong grupo na malapit na kaugnay sa mga tao ng (mga) partikular na panlahing pinagmulan, ang panlahing pagkakakilanlanay paminsan-minsan kasama ang relihiyosong pagkakakilanlan. Sa gayong mga kaso, anumang ipinataw na kondisyon o kinakailangan na nakakaapekto sa mga relihiyosong kaugalian ay maaaring maging hindi direktang diskriminasyon batay sa lahi. Magiging angkop na ang mga alituntunin sa uniporme ng paaralan na igalang at isaalang-alang

ang mga kultural, relihiyoso at panlahing kaugalian ng mga mag-aaral. Kundi, ang mga karapatan ng mga bata na may kaugnayan sa panlahing pagkapantay-pantay sa ilalim ng batas ay maaaring apektado. Para sa mga detalye, maaari kang sumangguni sa munting aklat na “Panlahing Pagkapantay-pantay at Uniporme sa Paaralan” na inilathala ng Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad sa pamamagitan ng sumusunod na link: www.eoc.org.hk/EOC/Upload/booklets/schoolUniform/2014_02.pdf

(Sumangguni sa FAQ#6, 7&8 mula sa mga paaralan/kindergarten at FAQ#8 mula sa mga magulang/mag-aaral).

5. Ano ang panlahing panggigipit?

Ang panlahing panggigipit ay anumang hindi katanggap-tanggap na asal tungo sa isa pang tao batay sa kanyang lahi.

Ipinagbabawal ng Seksiyon 38 ng RDO ang panggigipit sa mga edukasyonal na establisyimento. Isinasaad nito na labag sa batas para sa:

- (a) Isang tao na, o isang miyembro ng, responsableng lupon ng isang edukasyonal na establisyimento na gipitin ang isang tao na humihingi na maging, o, isang mag-aaral ng establisyimento;
- (b) Isang tao na isang miyembro ng kawani ng isang edukasyonal na establisyimento na gipitin ang isang tao na humihingi na maging, o, isang mag-aaral ng establisyimento; o
- (c) Isang tao na isang mag-aaral ng isang edukasyonal na establisyimento na gipitin ang isang tao na humihingi na maging, o, isang mag-aaral ng establisyimento;
- (d) Isang tao na isang mag-aaral na humihingi na maging, o, isang mag-aaral ng isang edukasyonal na establisyimento na gipitin ang isang tao –
 - (i) Na, o isang miyembro, ng responsableng lupon para sa establisyimento; o
 - (ii) Na isang miyembro ng kawani ng establisyimento.

May dalawang uri ng panlahing panggigipit.

A. Hindi katanggap-tanggap na asal

Kung sinumang miyembro ng paaralan ay nasangkot sa hindi katanggap-tanggap na asal tungo sa isa pang tao batay sa lahi ng ibang tao na iyan o malapit na kamag-anak ng ibang tao na iyan, sa mga sirkumstansiya kung saan ang isang makatwirang tao ay aasahan na ang ibang tao ay masasaktan, mahahamak o matakot ng asal na iyan, maaari itong humantong sa panlahing panggigipit.

Ang panlahing panggigipit ay maaaring sa anumang anyo - pisikal, biswal, nakasulat, online, pasalita o hindi pasalita at kahit na isang insidente ay maaaring maging panlahing panggigipit. Mga halimbawa ng gayong mga pagkilos ay maaaring kasama ang:

- ✍ Pakikisangkot sa pang-iinsulto, na ang mga tao ng mga partikular na panlahing grupo ay maaaring masaktan o mabastos;
- ✍ Pagbibiruan ayon sa lahi at/o pagbibiruan sa lipi, itsura o tradisyonal na pagkain ng isa;
- ✍ Paggamit ng nakakasakit na wika kapag nakikipag-usap sa mga tao mula sa mga partikular na panlahing grupo.

(Sumangguni sa FAQ#5 mula sa mga paaralan/kindergarten at FAQ#3 at 7 mula sa mga magulang/mag-aaral).

B. Malupit na kapaligiran

Kung ang sinumang miyembro ng paaralan, mag-isa man o may kasamang ibang tao, ay nakisangkot sa asal na lumilikha ng isang kapaligiran na tinatakot ang isa pang tao batay sa kanyang lahi, maaari itong ituring na isang malupit na kapaligiran. Halimbawa, isang grupo ng mga mag-aaral ay nagpipinta ng ilang graffiti na nakasisirang-puri sa isang lahi o mga nagbabantang mensahe sa pader sa palaruan ng paaralan batay sa lahi ng ilang mga mag-aaral. Maaari nitong masaktan o matakot ang mga mag-aaral ng partikular na lahi kahit na ang graffiti o mga mensahe ay hindi direktang inaasinta ang partikular na mag-aaral.

Paminsan-minsan ang isang mag-aaral ay maaaring magbiro tungkol sa isa pang mag-aaral nang walang intensiyon na manggipit. Gayunpaman, ang intensiyon ay hindi naaayon na salik kapag isinaalang-alang ang pananagutan para sa labag sa batas na pagkilos ng panlahing panggigipit. May pananagutan para sa panggigipit kahit walang intensiyon o motibo na manakit, manghamak o manakot. Kaya, iminumungkahi namin na ang mga paaralan, kindergarten at sentro ng tutorial na pataasin ang kamalayan ng lahat ng mga mag-aaral at kawani tungkol sa probisyong ito na may pagtanaw sa paglikha ng isang kapaligiran ng pagkatuto na may paggalang sa lahi.

Bilang mga tagapagkaloob ng serbisyo, ang mga sentro ng pangangalaga sa bata ay inoobliga rin ng Seksiyon 39 ng RDO na naglalaan na labag sa batas para sa kawani ng

mga sentro ng pangangalaga sa bata na gipitin ang mga gumagamit, kasama ang mga magulang at aplikante.

6. Ano ang panlahing paninirang-puri?

Ginagawang labag sa batas ng Seksiyon 45 ng RDO para sa sinumang miyembro ng paaralan, sa pamamagitan ng anumang pampublikong aktibidad, na humikayat ng poot tungo sa, seryosong paghamak para sa, o malubhang pagmamaliit sa (mga) isa pang tao batay sa lahi. Ang isang aktibidad sa publiko ay kasama ang anumang anyo ng komunikasyon sa publiko o asal na maobserbahan ng publiko, kasama ang pagpapaskil online.

Halimbawa, kung ang isang mag-aaral ay pumunta sa isang forum sa internet, na publikong tinutuya ang isang kaeskuwela na Indian ang pinagmulan at hinihimok ang iba na pisikal na harangin ang mga tao na may mas maitim na balat sa pagpasok sa paaralan, maaari itong maging panlahing paninirang-puri sa pamamagitan ng paghikayat ng poot laban sa mga tao ng isa pang panlahing grupo. Gayundin, ang pagtatanghal ng mga paskil na lubhang minamaliit ang isang partikular na etnikong pinagmulan, na walang kinalaman kung ito ay Tsino o hindi Tsino, ay maaari ring ituring na panlahing paninirang-puri.

7. Ano ang diskriminasyon sa pamamagitan ng pambibiktima?

Ang diskriminasyon sa pamamagitan ng pambibiktima ay maaaring mangyari kung ang isang titser, isang miyembro ng kawani ng paaralan o isang mag-aaral ay tinatrato ang isa pang titser, miyembro ng kawani ng paaralan o mag-aaral na hindi paborable sa rason na dinala o nilalayon niyang:

- ✍ Dalhin ang mga paglilitis sa ilalim ng RDO;
- ✍ Magbigay ng impormasyon o ebidensiya na may koneksiyon sa mga paglilitis sa ilalim ng RDO;
- ✍ Magbintang na ang isa ay sumalungat sa RDO (maliban kung saan ang alegasyon ay mali at hindi ginawa nang katapatan); o
- ✍ Sa ibang pagkakataon gawin ang anumang bagay sa ilalim o sa pamamagitan ng pagsasangguni sa RDO.

(Sumangguni sa FAQ#7 mula sa mga magulang/mag-aaral).

Ang mga sumusunod na halimbawa ay maaaring maging diskriminasyon sa pamamagitan ng pambibiktima.

- ✍ Tumatanggi ang isang guro na sumulat ng sanggunian para sa isang mag-aaral dahil siya ay gumawa ng reklamo laban sa kanya sa ilalim ng RDO.
- ✍ Ang isang mag-aaral ay binigyan ng mababang marka sa asal dahil siya ay nagbigay ng ebidensiya bilang isang saksi sa isang kaso kung saan ang kanyang titser ay pinararatangang nanggipit nang ayon sa lahi sa isang kaklase.

8. Ano ang mga hakbang na gagawin kung naranasan ang diskriminasyon?

Kung nadarama mong ikaw ay dinidiskrimina sa paaralan o sentro ng pangangalaga sa bata dahil sa iyong lahi, maaari mong iparating ang mga usaping ito sa pangasiwaan ng paaralan o sentro. Dapat tumugon ang pangasiwaan ng paaralan o sentro at, kung posible, panloob na lutasin ang reklamo.

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa EOC. Hinihiling ng batas na ang mga reklamo na inihain sa EOC ay dapat nakasulat at sa loob ng 12 buwan mula sa oras ng insidente. Maaari kang magsumite ng iyong reklamo nang nakasulat sa pamamagitan ng koreo, fax, elektronikong koreo, online, o sa personal. Kung mayroon kang pangangailangan sa wika, maaaring bigyan ka ng EOC ng isang tagasalin ayon sa kahilingan.

Bilang karagdagan, maaari kang magsimula ng mga legal na paglilitis sa loob ng 24 buwan mula sa oras ng insidente sa ilalim ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon sa harap ng District Court.

9. Sino ang may pananagutan para sa pagkilos na labag sa batas?

A. Mga mag-aaral/kawani ng paaralan/mga guro/mga aplikante na mag-aaral

Ang (mga) mag-aaral/kawani ng paaralan/mga titser/mga aplikanteng mag-aaral ay magkakaroon ng personal na pananagutan para sa kanyang sariling pagkilos kung nilabag niya ang anuman sa mga ordinansa laban sa diskriminasyon.

B. Mga Administrador ng Paaralan/Komite sa Pangangasiwa na Ingkorporada (IMC)


Ang mga administrador ng paaralan at/o IMC ay maaaring may pananagutan alang-alang sa iba para sa pagkilos ng diskriminasyon o panggigipit ng kanilang mga

empleado kahit na sila ay walang kaalaman sa o hindi inaprubahan ang pagkilos, malibang maipakita ng paaralan na gumawa ito ng mga makatwirang hakbang upang maiwas ang mga empleado nito sa paggawa nito. Kasama sa mga empleado ng paaralan ang mga titser, katuwang sa pagtuturo, klerk sa pangkalahatang opisina, tagalinis, atbp. Ang mga tagapagkaloob ng serbisyo tulad ng mga coach, panlipunang manggagawa at tutor ay maaari ring ituring na mga ahente ng paaralan, at ang mga administrador ng paaralan/IMC ay bitbit ang pananagutan alang-alang sa iba para sa anumang diskriminasyon o panggigipit ng kanilang mga ahente.

Ang mga mag-aaral, magulang, kawani ng paaralan at aplikante ng lahat ng mga panlahing grupo ay may karapatan na maging malaya mula sa panggigipit batay sa lahi. Kung dinala nila sa pansin ng mga administrador ng paaralan at/o IMC ang isang partikularna pagkilos na nagdiskrimina, ang paaralan ay pinapayuhan na gumawa ng mga magagawang hakbang upang pigilan ang pagkilos at maiwasan ang paglikha ng isang malupit na kapaligiran ayon sa lahi.

10. Ano ang nangyayari kapag may nireport na diskriminasyon o panggigipit sa EOC?

Tatasahin ng EOC ang kaso at maaari itong mag-imbetiga sa reklamo at hahangarin nito na malutas ang kaso sa pamamagitan ng pakikipag-ayos. Kung hindi maabot ang isang kasunduan, maaaring maghain ang nagrereklamo ng legal na tulong mula sa EOC. Batay sa mga merito ng mga reklamo, ang legal na tulong ay itinuturing ayon sa mga katunayan ng bawat kaso.



11. Anong uri ng areglo ang maaari kong matanggap sa pamamagitan ng pakikipag-ayos?

Maaaring magpanukala at makipagkasundo ang mga partido sa mga tuntunin ng kasunduan. Ang ilang mga halimbawa kung ano ang maisasama ay:

- ✍ Isang paumanhin;
- ✍ Admisyon sa isang paaralan;
- ✍ Kasunduan ng pagbabayad ng pera;
- ✍ Pagpapangako na isagawa o isaayos ang pagsasanay ng kawani; at/o
- ✍ Pagpapangako na baguhin ang patakaran o mga pamamaraan ng isang organisasyon.

Kung kailangan mo pa ng impormasyon na may kinalaman sa iyong mga karapatan sa ilalim ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon, ang mga pamamaraan sa paghawak ng reklamo at/o mga serbisyo sa pagsasanay at konsultasyon ng EOC, pakikontak ang EOC sa eoc@eoc.org.hk o sa telepono, 2511 8211. Ang opisina ng EOC ay bukas mula Lunes hanggang Biyernes 8:45am hanggang 5:45pm. Ang mga serbisyo ng interpretasyon ay maaaring isaayos kapag hiniling, depende kung meron.

Maaari mong bisitahin ang website ng EOC at mga online na rekurso sa:

www.eoc.org.hk/eoc/graphicsfolder/showcontent.aspx?content=a%20world%20of%20colours

12. Mga Kadalasang Tanong

Mula sa mga paaralan/kindergarten

1. Patakaran ng admisyon

Tanong Bilang isang paaralan, may karapatan kami na magtakda ng mga pamantayan para sa pagpili ng mga mag-aaral. Paano namin masisiguro na ang mga pamantayang ito ay hindi sumasalungat sa RDO?

Sagot Kapag nagtatakda ang paaralan ng mga pamantayan ng pagpili para sa mga mag-aaral, kailangan ninyong masiguro na ang gayong mga pamantayan ay hindi nag-eetsapuwera sa sinumang aplikante batay sa lahi o wika, na sa gayong paraan maaaring nangdidiskrimina kayo laban sa mga aplikante na kabilang sa mga partikular na lahi. Ang kailangang gawin ng paaralan ay lumikha ng mga pamantayan ng pagpili na consistent na sinusupportahan ng mga makatwirang pangangatwiran, at ipabatid sa lahat ng mga magulang ang tungkol sa mga pamantayang ito nang sa gayon maunawaan nila ang mga rason at saligan kung ang kanilang aplikasyon ay hindi tinanggap.

2. Kinakailangang wika

Tanong Kailangan bang palitan ng mga kindergarten ang wika ng panayam sa admisyon kung mayroon kaming aplikante na hindi nagsasalita ng anumang Cantonese?

Sagot Ang kindergarten ay ang unang yugto ng sistematikong edukasyon para sa sinumang bata, at ang pinakamainam na panahon upang payamanin ang kanilang mga kasanayan sa wika. Ang bawat bata ay dapat bigyan ng mga pantay na oportunidad na matuto ng Tsino at Ingles sa Hong Kong, na walang kinalaman sa kanilang wikang kinagisnan. Ang kanilang mga kasanayan sa wika bago ang pagpasok sa sistema ng edukasyon ay hindi dapat maging salik na ibukod sila sa pagtamo ng admisyon sa mga kindergarten.

Bagaman hindi kinakailangan ng RDO ang mga paaralan na palitan ang midyum ng pagtuturo, walang espesipikong eksemsiyon sa RDO ukol sa wika na ginagamit sa mga panayam. Maaari pa ring humarap ang mga kindergarten sa mga reklamo at paglilitis ukol sa hind direktang diskriminasyon kung sila, nang walang maipagkakatwirang rason, ay tumanggi na kapanayamin ang mga aplikante na hindi Tsino dahil hindi sila maaaring makapagsalita ng Cantonese

o tinanggihan nila ang mga aplikasyon mula sa mga aplikanteng Tsino dahil hindi sila makapagsalita ng Ingles. Pinapayuhan kung gayon ang mga kindergarten na isagawa ang pagsasala gamit ang ibang mga metodo ng pagtatasa, tulad ng obserbasyon sa motibasyon ng pagkatuto ng bata, interaksyon sa iba, atbp. Kung nahihirapan ang mga aplikante sa pag-unawa ng mga tagubilin dahil sa sagabal sa wika, ang mga paaralan ay hinihimok na magbigay ng akomodasyon, tulad ng pagsasaayos na magkaroon ng mga tagasalin o pagpayag sa mga miyembro ng pamilya na magsalin para sa mga aplikante, atbp.

(Sumangguni sa Seksiyon 4B(a) Indirektang diskriminasyon - Kinakailangang wika sa panahon ng admisyon)

3. Komunikasyon sa mga magulang na hindi nakakaunawa ng Cantonese

Tanong Kami ay isang paaralan na ang midyum ng pagtuturo ay Tsino at lahat ng aming mga abiso sa paaralan para sa mga magulang ay nakasulat sa Tsino. Paano kami maaaring makipag-usap sa mga magulang kung hindi sila nagsasalita o nagbabasa ng Tsino?

Sagot Maaaring maghanap ang mga paaralan ng iba't ibang paraan upang tumulong sa pagtanggali ng mga sagabal na hinaharap ng mga magulang na nagsasalita ng hindi Tsino sa pagiging mas sangkot sa edukasyon ng kanilang anak. Maaari ninyong isaalang-alang ang pagpapadala ng mga abiso na bilingguwal (Ingles at Tsino) sa mga magulang. Bilang alternatibo, maaari mong hilingin sa isa sa mga miyembro ng kawani ng paaralan na makipag-usap sa mga magulang upang ipaliwanag ang mga abiso. Pinabuti ng Kawanihan ng Edukasyon ang suporta sa pagpopondo para sa mga paaralan upang palakasin ang kanilang komunikasyon sa mga magulang na nagsasalita ng hindi Tsino sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga katuwang na etnikong minoridad o pagkuha ng mga serbisyo sa pagsasalin kung angkop ang mga rekurso ng komunidad, tulad ng serbisyo sa interpretasyon na pinondohan ng Home Affairs Department (website: www.had.gov.hk/rru/english/programmes/programmes_comm_sscem.html), ay maaaring maging kapaki-pakinabang para sa komunikasyon sa mga magulang na nagsasalita ng hindi Tsino.

(Sumangguni sa Seksiyon 4B(a) Indirektang diskriminasyon - Mga abiso at komunikasyon sa paaralan)

4. Pandisiplinang aksiyon

Tanong Kung nilabag ng isang mag-aaral na etnikong minoridad ang mga alituntunin ng paaralan, maaakusahan ba kami ng rasismo kung didisiplinahin namin siya?

Sagot Maaari ninyong disiplinahin ang sinumang mag-aaral na lumabag sa alituntunin ng paaralan ayon sa patakaran sa disiplina ng paaralan, hangga't hindi ninyo pagdidiskitahan ang mag-aaral dahil lamang sa siya ay mula sa isang partikular na lahi. Bilang mabuting kaugalian, dapat masiguro ng patakaran ng paaralan na hindi nito dinidiskrimina nang walang pakundangan ang mga mag-aaral. Sa ilalim ng mga Tagubilin sa Disiplina ng Mag-aaral na inilabas ng Kawanihan ng Edukasyon, dapat maging patas at consistent ang mga paaralan sa paghawak ng mga problematikong asal ng mga mag-aaral, habang ang mga pangangailangan sa dangal ng mga mag-aaral ay pinangangalagaan. Ang kahuli-hulihang layunin ng interbensiyon ay paggabay sa mga mag-aaral tungo sa pag-ako ng responsibilidad sa kanilang aksiyon nang walang pagkahiya, paghamak at panliliit.

5. Panlahing panggigipit

Tanong Kung ang mga mag-aaral na kabilang sa dalawang magkaibang etnikong komunidad ay nagbiruan sa isa't isa, ano ang maaari kong gawin upang maiwasan na lumala ito sa panlahing panggigipit?

Sagot Dapat itanim ng paaralan at mga titser ang mga pagpapahalaga ng paggalang at pag-unawa sa isa't isa sa mga mag-aaral. Sa kasong ito, dapat nilang turuan ang mga mag-aaral na huwag gamitin ang lahi bilang batayan para magbiruan tungkol sa isa't isa yamang nagpapakita ito ng kawalan ng paggalang. Pinapayuhan din ang paaralan na paalalahanan ang lahat ng mga mag-aaral na ang pagbibiro sa lahat ng isa ay maaaring maging panlahing panggigipit na maaari silang magkaroon ng legal na responsibilidad.

Iminumungkahi namin na bumuo ang paaralan ng isang Patakaran ng mga Pantay na Oportunidad at mga malinaw na pamamaraan para sa mga titser at kawani na hawakan ang mga usapin na may kaugnayan sa diskriminasyon at panggigipit, at ianunsiyo ang mga hakbangin laban sa diskriminasyon at panggigipit sa paaralan. Maaari ring magtalaga ang paaralan ng espesipikong miyembro ng kawani bilang responsableng tao upang hawakan ang lahat ng mga gayong usapin. Sa paraang ito, maaaring makitungo ang paaralan sa mga

reklamo ng diskriminasyon o panggigipit sa isang consistent na paraan. Sa usaping ito, maaaring magbigay ang EOC ng pagpapayo at pagsasanay sa pagbubuo ng mga patakaran at tagubilin ng paaralan sa mga pantay na oportunidad.

(Sumangguni sa Seksiyon 5A Ano ang panlahing panggigipit? – Hindi katanggap-tanggap na asal)

6. Mga relihiyosong kaugalian at patakaran sa uniporme ng paaralan

Tanong Kailangan bang baguhin ng paaralan ang patakaran sa uniporme kung relihiyosong kaugalian ng ilang mga mag-aaral na magsuot ng partikular na uri ng damit o abubot, tulad ng turban o hijab?

Sagot Ang relihiyon ay hindi itinuturing na ipinagbabawal na batayan sa ilalim ng RDO. Gayunpaman, ang ilang mga relihiyon ay mahigpit na may kaugnayan sa mga tao ng isang partikular na lahi. Sa bagay na ito, iminumungkahi namin na igalang at magbigay ng angkop na akomodasyon ang paaralan para sa panlahi, kultural at relihiyosong kaugalian ng mga mag-aaral. Dapat siguruhin ng mga paaralan na ang kanilang mga patakaran ay hindi nangangailangan sa mga mag-aaral na sumalungat sa kanilang sariling mga relihiyosong kaugalian, at hindi makaaapekto sa mga batayang karapatan ng mga mag-aaral, kasama ang kanilang akses sa edukasyon at mga oportunidad sa pagkatuto, hangga't maaari. Ang mga batayang prinsipio ay pananatili sa malapit na komunikasyon sa mga mag-aaral at magulang, pagkonsulta sa mga lider o mga miyembro mula sa relihiyosong komunidad kahit kailan posible at paghahanap ng mga opsiyon pati paggawa ng mga desisyon para sa akomodasyon sa isang malinaw na paraan. Para sa mga detalye, mangyaring basahin ang munting aklat ng EOC ukol sa usaping ito: Panlahing Pagkapantay-pantay at Uniporme sa Paaralan sa www.eoc.org.hk/EOC/Upload/booklets/schoolUniform/2014_02.pdf

(Sumangguni sa Seksiyon 4B(b) Indirektang diskriminasyon - Mga relihiyosong kaugalian at alituntunin ng paaralan)

7. Mga relihiyosong aktibidad

Tanong Kung may ibang relihiyon ang isang mag-aaral sa denominasyon ng paaralan at may mga espesyal siya na kahilingan na may kinalaman sa kaugalian ng kanyang relihiyon, hal. humihiling ng mga pahinga sa panahon ng oras ng

paaralan upang magdasal, paano maaaring paunlakan ng paaralan ang mga kahilingang ito?

Sagot Magiging angkop para sa mga paaralan na igalang at isaalang-alang ang kultural, relihiyoso at panlahing kaugalian ng mga mag-aaral. Batay sa mga prinsipiyo na isinaad sa Tanong 7, ang mga paaralan ay pinapayuhan na komunsulta sa mga mag-aaral, kanilang mga magulang at lider o miyembro mula sa relihiyosong komunidad na may kinalaman sa kanilang mga relihiyosong pangangailangan bago magdesisyon kung anong makatwirang pagpapaunlak ang dapat nilang ibigay.

(Sumangguni sa Seksiyon 4B(b) Indirektang diskriminasyon - Mga relihiyosong kaugalian at alituntunin ng paaralan)

8. Mga relihiyosong pagdiriwang

Tanong Nakaugalian ng paaralan na ipagdiwang ang Pasko bawat taon. Kailangan ba naming baguhin ang paraan na ipinagdiriwang namin ang Pasko sa aming paaralan kung tatanggap kami ng mga mag-aaral ng etnikong minoridad na hindi mga Kristiyano?

Sagot Malaya ang mga paaralan na piliin ang kanilang paraan upang ipagdiwang Pasko o anumang ibang relihiyosong pista. Gayunpaman, pinapayuhan na paunlakan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang relihiyon kung saan posible. Sa panahon ng mga pagdiriwang, iminumungkahi namin na alamin ng mga paaralan sa mga relihiyosong pagbabawal, kung may anuman, ng mga mag-aaral na may ibang mga relihiyosong paniniwala at magkaroon ng flexibility, halimbawa, sa pagsasaayos ng pagkain, mga relihiyosong aktibidad, atbp. Hinihimok rin namin ang mga paaralan na turuan ang kanilang mga mag-aaral tungkol sa iba't ibang relihiyosong kaugalian at pagdiriwang upang mapalaki ang kamalayan at maitaguyod ang panlahi at relihiyosong pagtanggap.

(Sumangguni sa Seksiyon 4B(b) Indirektang diskriminasyon – Mga relihiyosong kaugalian at alituntunin ng paaralan)

9. Pagtugon sa mga reklamo

Tanong Ano ang maaaring gawin ng paaralan kung nakatanggap kami ng reklamo mula sa isang mag-aaral o magulang na may kinalaman sa pagdiskrimina?

Sagot Tulad ng isinaad sa Tanong 5, iminumungkahi namin sa paaralan na bumuo ng Patakaran sa mga Pantay na Oportunidad, na may mga malinaw na pamamaraan para sa mga titser na hawakan ang mga usapin na may kinalaman sa mga pantay na oportunidad, kasama ang diskriminasyon at panggigipit, upang sa gayon ang mga titser at pangasiwaan ng paaralan ay maaaring makitungo sa gayong mga reklamo sa isang consistent na paraan. Pinapayuhan ang paaralan na tingnan ang anumang reklamo ng diskriminasyon at panggigipit nang mabuti upang makita kung ang reklamo ay may batayan at kung anumang mga hakbang ay maaaring kunin upang iwasto ang sitwasyon. Sa ilang mga sitwasyon, maaaring kayaning remedyuhan ng mga paaralan ang sitwasyon sa pamamagitan ng paggawa ng mga maliliit na akomodasyon, tulad ng pagbabago sa ilang mga kaugalian, pagpapataas ng kamalayan ng mga mag-aaral at kawani ng paaralan sa pamamagitan ng pagsasanay, atbp.

10. Aplikasyon ng RDO sa lahat ng mga lahi

Tanong Nag-aalok lamang ba ang RDO ng proteksiyon mula sa diskriminasyon sa lasi sa mga komunidad na minoridad? Maaari bang ihayag ng mag-aaral, titser o kawani na Tsino sa Hong Kong ang diskriminasyon sa lahi o panggigipit?

Sagot Inilalapat ang RDO sa lahat sa Hong Kong na walang kinalaman ang kanilang lahi, kulay, lipi, pambansang pinagmulan at etnikong pinagmulan. Nag-aalok ang RDO ng proteksiyon mula sa panlahing diskriminasyon **batay sa lahi ng isa**. Kaya, kung ang isang taong Tsino sa Hong Kong ay dinidiskrimina dahil siya ay Tsino, ito ay magiging katumbas ng panlahing diskriminasyon. Halimbawa, kung ang koponan sa palakasan ng paaralan ay pinayagan lamang ang mga mag-aaral na hindi Tsino na magpatala, maaari itong maging kaso ng panlahing diskriminasyon.

13. Mga Kadalasang Tanong

Mula sa mga Magulang/ Estudyante

1. Admisyon

Tanong Kapwa ang aking anak na babae at ako ay Filipino ang pinagmulan. Nilapitan namin ang isang kindergarten upang mag-apply para sa isang puwesto. Pagkakita sa aming itsura, tinanong kami ng kawani sa resepsiyon kung sinuman sa amin ay nagsasalita ng Cantonese. Nang sumagot kami na hindi kami nagsasalita ng Cantonese, sinabihan kami na lapitan ang isa pang kindergarten. Talagang napakasakit ang pagtanggap ito. Ano ang maaari naming gawin sa sirkumstansiyang ito?

Sagot Ang pagpataw ng kinakailangang wika sa mga admisyon ng paaralan nang walang pangangatwiran ay maaaring paglabag sa RDO. Kung humarap ka sa gayong sitwasyon, maaari kang makipag-usap sa Administrador ng Paaralan at ipakiusap ang iyong usapin sa kanila. Kung nadarama mo pa ring ikaw ay dinidiskrimina ng paaralan dahil sa iyong lahi, maaari kang maghain ng reklamo sa EOC.

(Sumangguni sa Seksiyon 4A Direktang diskriminasyon at Seksiyon 4B(a) Indirektang diskriminasyon – Kinakailangang wika sa panahon ng admisyon)

2. Suporta ng paaralan

Tanong Ang lahat ng mga miyembro ng aking pamilya ay Hong Kong Pakistani. Ang paaralan kung saan nabigyan ng lugar ang aking anak ay sinabihan ako na ang mga rekurso nito sa suporta sa pagkatuto sa mga mag-aaral na nagsasalita ng hindi Tsino ay napakalimitado at iminungkahi na isaalang-alang ko na ipadala siya sa isa pang paaralan na may mas maraming suporta. Dapat ko bang sundin ang payo?

Sagot Pinabuti ng Kawanihan ng Edukasyon ang suporta nito sa mga paaralan para sa pagbibigay ng intensibong pagkatuto ng Tsino sa mga mag-aaral na nagsasalita ng hindi Tsino. Maraming paaralan ang gumagamit ng karagdagang pagpopondo mula sa Kawanihan ng Edukasyon upang isakatuparan ang mga hakbangin na pansuporta, tulad ng mga araling wala sa kurikulum, konsolidasyon pagkatapos ng paaralan, karagdagang kawani sa pagtuturo, atbp. Ikaw ay pinapayuhan na klaruhin sa paaralan kung paano nito ginagamit ang suporta ng Pamahalaan at isaalang-alang ang mga

pangangailangan at kaugnay na salik ng iyong anak, tulad ng kapaligiran na nakababad sa pagkatuto ng Tsino, abilidad ng kanyang panlipunang pakikisalamuha, atbp., bago gumawa ng desisyon. Gayunpaman, kung tatanggihan o ipagpapaliban ng paaralan ang pagpapatala ng iyong anak na ibinibigay ang rasong ito, maaaring may usapin ng diskriminasyon sa lahi at maaari kang maghain ng reklamo sa Kawanihan ng Edukasyon at/o EOC.

3. Pang-iinsulto

Tanong Ang aking pamilya ay Indian ang pinagmulan. Umuwi ang aking anak mula sa paaralan na umiiyak at sinabi na ang kanyang kaklase ay ginawa siyang katatawanan sa pamamagitan ng pagtawag sa kanyang ng katawagang nakapagpapababa sa lahi. Ito ba ay panlahing panggigipit at ano ang maaari kong gawin tungkol dito?

Sagot Kung pinagtawanan ng isang mag-aaral ang iyong anak at gumamit ng katawagang nakapagpapababa sa lahi na nakita ng iyong anak na nakasasakit, nakahahamak o nananakot, maaari itong maging panlahing panggigipit. Ikaw ay pinapayuhan na dalhin ang usaping ito sa pansin ng titser/paaralan, upang sa gayon ay maaaring maturuan ng titser/paaralan ang kinauukulang mag-aaral at iba pa tungkol sa panlahing panggigipit at maiwasan ang mga kahalintulad na sitwasyon na mangyari muli. Kung magpapatuloy ang gayong pang-iinsulto, maaari kang maghain ng reklamo sa EOC.

(Sumangguni sa Seksiyon 5A Ano ang panlahing panggigipit? – Hindi katanggap-tanggap na asal)

4. Panlipunang pakikisalamuha

Tanong Kapwa ang aking anak na babae at ako ay Thai ang pinagmulan. Sinasabi sa akin ng aking anak na babae na wala sinuman ang gustong makipaglaro sa kanya sa paaralan at pakiramdam niya siya ay mag-isa. Ito ba ay isang usapin sa ilalim ng batas?

Sagot Ang sitwasyon sa itaas at mga kahalintulad na asal sa pagitan ng mga mag-aaral ay maaaring hindi kailangang magpataas ng usapin sa ilalim ng RDO dahil walang malinaw na indikasyon ng lahi bilang isang rason para sa ibang mga mag-aaral na hindi makipaglaro sa kanya. Gayunpaman, iminumungkahi

namin na dalhin ito sa pansin ng titser upang sa gayon ay maaari siyang tumulong sa bata na makiisa sa paaralan nang mas mabuti.

5. Wika

Tanong Ang aking asawa at ako ay hindi Tsino at kapwa kaming dalawa ay hindi nakapagbabasa o nakakapagsulat ng Tsino. Ang aking anak na babae ay dumadalo sa isang paaralan na ang midyum ng pagtuturo ay Tsino. Ang lahat ng korespondensiya ng paaralan ay nasa Tsino. Napakahirap para sa amin na makipag-ugnayan sa paaralan at malaman kung ano ang ipinapatalastas. Gusto kong malaman kung ano ang maaari kong gawin tungkol dito.

Sagot Dapat magbigay ang paaralan ng paraan para ma-access mo ang impormasyon ng paaralan. Iminumungkahi namin na kausapin mo ang titser upang makita kung ang paaralan ay maaaring makahanap ng paraan upang ipabatid sa iyo ang tungkol sa mga mahahalagang abiso, nang nakasulat o pasalita. Pinabuti ng Kawanihan ng Edukasyon ang suporta sa pagpopondo para sa mga paaralan upang palakasin ang kanilang komunikasyon sa mga magulang na nagsasalita ng hindi Tsino sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga katuwang na etnikong minoridad o pagkuha ng mga serbisyo sa pagsasalin kung angkop. Para sa panandaliang tulong, maaari ka ring humingi ng tulong mula sa mga sentro ng serbisyo sa suporta para sa mga etnikong minoridad na pinopondohan ng Pamahalaan at pinatatakbo ng mga NGO, ilan sa kanila ay makapagbibigay ng mga serbisyo ng interpretasyon at pagsasalin para sa mga magulang. Makikita ang listahan sa website ng Yunit ng mga Relasyon sa Lahi ng Pamahalaan

www.had.gov.hk/ruru/english/programmes/programmes_comm_sscem.html.

Kung tumatanggi ang paaralan na mag-alok sa iyo ng anumang alternatibong paraan ng pagkuha ng impormasyon, maaari mong kontakin ang EOC upang talakayin ang posibilidad ng paghahain ng isang reklamo sa ilalim ng RDO.

(Sumangguni sa Seksiyon 4B(a) Indirektang diskriminasyon – Mga abiso at komunikasyon ng paaralan)

6. Mga reklamo tungkol sa asal

Tanong Ang aking anak na babae at ako ay kabilang sa isang komunidad ng etnikong minoridad. Nagreklamo ang kanyang titser na paulit-ulit niyang nilabag ang

mga alituntunin ng paaralan at iminumungkahi na ipatala ko siya sa isa pang paaralan. Ano ang maaari kong gawin tungkol dito?

Sagot Ikaw ay pinapayuhan na makipag-usap sa paaralan at hanapin ang posibleng gabay na may kinalaman sa asal ng iyong anak na babae. Ang mga propesyonal tulad ng mga tagapayo, panlipunang manggagawa, edukasyonal na sikologo, atbp., ay maaaring isama. Sa anumang kaso, dapat hindi pagdiskitahan ng paaralan ang iyong anak na babae o hilingin sa iyo na tanggalin siya nang walang angkop na pangangatwiran. Kung nadarama mong siya ay tinatrato nang hindi kanais-nais ng kanyang mga titser o ang paaralan dahil sa kanyang lahi, maaari kang maghain ng reklamo sa EOC.

7. Panlahing pag-e-stereotype

Tanong Binanggit ng aking titser na ang mga mag-aaral ng aking lahi ay mas basagulero at hindi ganoon kasisipag kaysa sa mga mag-aaral ng isa pang lahi. Hindi ako komportable sa pahayag na ito. Ano ang maaari kong gawin tungkol dito? Ito ba ay diskriminasyon?

Sagot Kung gumagawa ng komento ang iyong titser tungkol sa isang partikular na lahi, sa kasong ito ang iyong lahi, na nakasakit, nakahamak o nakatakot sa iyo, maaaring itong maging panlahing panggigipit. Iminumungkahi namin sa iyo na dalhin ito sa iyong mga magulang at/o ang titser na kinauukulan at ipaliwanag sa kanya kung gaano ka hindi komportable sa kanyang komento. Kung hindi tumigil ang mga komento at nagsimula ang titser na sisihin ka, maaari mong isaalang-alang ang pakikipag-usap sa pangasiwaan ng paaralan o ang punongguro at pakikipagkonsulta sa EOC tungkol sa panlahing panggigipit at pambibiktima.

(Sumangguni sa Seksiyon 5A Ano ang panlahing panggigipit? – Hindi katanggap-tanggap na asal at Seksiyon 7 Ano ang diskriminasyon sa pamamagitan ng pambibiktima?)

8. Integrasyon sa paaralan

Tanong Bilang isang magulang, ano ang maaaring gawin ko upang tulungan ang aking anak na etnikong minoridad na makiisa sa namamayaning paaralan?

Sagot Bilang isang magulang, kailangan mong malaman ang mga alituntunin at regulasyon ng paaralan at makipag-usap sa paaralan nang maaga, partikular

kung ang iyong anak ay nangangailangan ng ilang mga akomodasyon. Halimbawa, kung kailangan ng iyong anak na magsuot ng isang Kara o Hijab, ikaw ay pinapayuhan na iparating ito sa paaralan sa simula't sapul. Ang ibang mga sitwasyon, tulad ng iyong anak na hindi kayang dumalo sa misa o may mga tiyak na kinakailangan sa diyeta dahil sa mga relihiyosong rason, ay dapat talakayin sa paaralan upang humanap ng mga alternatibo.

Ang mga magulang ay pinapayuhan na maging proaktibo sa pagbubuo ng relasyon sa paaralan at mga titser. Halimbawa, maaaring sumali ang mga magulang sa samahan ng magulang at titser o dumalo sa Araw ng mga Magulang o anumang ibang mga aktibidad ng paaralan upang malinaw na ipakita ang iyong katapatan sa edukasyon ng iyong anak. Higit pa rito, huwag atubiling magtanong ukol sa anumang mga espesipikong alalahanin na maaaring mayroon ka tungkol sa iyong anak o paaralan.

Kung ang iyong anak ay magbanggit kahit kailan ng anumang insidente o sitwasyon na naging hindi siya komportable, ikaw ay pinapayuhan na dalhin ito sa pansin ng titser upang sa gayon ang sitwasyon ay maaaring tugunan.

(Sumangguni sa Seksiyon 4B(b) Indirektang diskriminasyon – Mga relihiyosong kaugalian at alituntunin ng paaralan)

14. Mga iminumungkahing kaugalian

Ang mga ito ay ilang mga mungkahi upang itaguyod ang isang malusog na multikultural na kapaligiran sa mga paaralan na makalikha ng maalagang kapaligiran para sa lahat ng mga mag-aaral anuman ang kanilang lahi, etnisidad at kulay.

A. Para sa mga paaralan:

1. Gumawa ng mga patakaran sa mga pantay na oportunidad sa paaralan upang ipakita ang katapatan ng paaralan sa pag-alis ng diskriminasyon, kumuha ng mga proaktibong hakbangin upang maiwasan ang diskriminasyon at maglinang ng pagiging inklusibo at magbigay ng mga tagubilin sa paghawak ng mga reklamo na may kaugnayan sa diskriminasyon at panggigipit sa mga larangan ng, ngunit hindi limitado sa, kasarian, kapansanan, estado ng pamilya at lahi.
2. Magbigay ng pagsasanay para sa lahat ng kawani, mga titser, pati mga mag-aaral ukol sa kultural na kamalayan, pagkasensitibo at pag-iwas sa pag-e-stereotype. Himukin ang kawani at mga titser na makipag-usap sa mga magulang na etnikong minoridad sa pamamagitan ng pagpapaalaala sa kanila na ang simpleng Ingles ay kadalasang sapat para sa pakikipag-usap sa kanila.
3. Itaguyod ang paggamit ng interpretasyon pati anumang ibang mga uri ng akomodasyon upang masiguro ang akses sa edukasyon, mga serbisyo at impormasyon sa mga mag-aaral at magulang.
4. Mag-organisa ng mga aktibidad na humihimok sa pakikisalamuha ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang panlahing pinanggalingan upang lumikha ng kamalayan at paggalang para sa ibang mga kultura at relihiyon. Ang gayong mga aktibidad ang magpapalakas sa mga mag-aaral at magtatayo ng mga tulay sa pagitan nila.
5. Magkaroon ng mga nagsasanib na klase ng mga mag-aaral na Tsino at hindi Tsino na sama-samang nag-aaral hangga't posible.
6. Sadyain na paghaluin ang mga panlahing grupo sa klase, sa mga koponan ng palakasan at sa mga aktibidad ng buong paaralan upang sa gayon maitaguyod ang mga pakikisalamuha at pagpapalitan sa iba't ibang mga panlahi/kultural na grupo.
7. Itaguyod ang mga nakamit at kontribusyon ng mga mag-aaral na may iba't ibang etnikong pinanggalingan sa panloob at panlabas na materyal ng paaralan, hal. pahayagan, paskil, atbp.

8. Siguruhin na lahat ng mga patakaran ng paaralan ay inilapat nang pantay-pantay, consistent at para sa lahat. Saanman kailangang gawin ang mga eksepsiyon, siguruhin na ang mga pamamaraan at alituntunin ay inilalapat sa isang consistent na paraan.
9. Hangga't posible, tanggalin ang mga sagabal sa pakikisangkot ng mga magulang na etnikong minoridad sa mga lupon at aktibidad ng paaralan, tulad ng pagpapalabas ng mga abisong bilingguwal para sa mga kaganapan sa paaralan, pagsasaayos ng interpretasyon para sa araw ng mga magulang at/o pagsasagawa ng mga pagtitipon na bilingguwal ng samahan ng mga magulang at titser.

B. Para sa mga magulang:

1. Dapat magtulungan ang mga magulang at paaralan upang itanim ang mga pagpapahalaga ng paggalang sa isa't isa para sa ibang mga kultura sa maagang edad, ideyal sa yugto ng kindergarten o primaryang paaralan.
2. Maaaring himukin ng mga magulang ang kanilang mga anak na makiisa sa mas malaking lipunan sa pamamagitan ng pagiging huwarang modelo sa sarili nila mismo at aktibong pakikibahagi sa paaralan at komunidad, hal. pagdalo sa Araw ng mga Magulang, pagsali sa mga kaganapan sa paaralan para sa mga pamilya at/o pakikilahok sa samahan ng mga magulang at titser.
3. Dapat panatilihin ng mga magulang ang bukas na komunikasyon sa kanilang mga anak at paaralan upang proaktibong matugunan ang mga pangangailangan ng mga anak sa pagkatuto at panlipunang pag-unlad.

15. Mga Kapaki-pakinabang na Link at Kontak

Kawanihan ng Edukasyon (Education Bureau)

- Serbisyong Pansuporta para sa Mag-aaral na Nagsasalita ng Hindi Tsino: 3540 7447
- Mga Panrehiyon na Opisina
 - New Territories West: 2437 7272
 - New Territories East: 2639 4876
 - Kowloon: 3698 4108
 - Hong Kong Island: 2863 4646
- Link: www.edb.gov.hk/ncs

Serbisyo sa Kristiyano sa Hong Kong - Sentro para Katiwasayan at Pagpapabuti ng mga Residente na Etnikong Minoridad (CHEER)

- Libreng Serbisyo ng Interpretasyon sa Telepono:
 - Num. na pagtatanungan, Bahasa Indonesia, Tagalog at Thai: 3755 6811
 - Num. na pagtatanungan, Hindi at Nepali: 3755 6822
 - Num. na pagtatanungan, Punjabi at Urdu: 3755 6833
- Link: www.hkcs.org/gcb/cheer/cheer-e.html#3

Home Affairs Department – Yunit ng mga Relasyon sa Lahi

- Link: www.had.gov.hk/rru/english/home/index.html

Pagtatatwa

Ang munting aklat na ito ay nangangahulugan bilang pangkalahatang payo. Wala itong puwersa ng batas at hindi nangangahulugan bilang legal na payo sa anumang espesipikong sitwasyon.

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon na may kinalaman sa iyong mga karapatan sa ilalim ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon ng Hong Kong at ang mga pamamaraan sa paghawak ng reklamo ng EOC, pakikontak ang:

Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad

16/F, 41 Heung Yip Road, Wong Chuk Hang, Hong Kong

Mga Pagtatanong: 2511 8211

Fax: 2511 8142

Email: eoc@eoc.org.hk

Mga Pagtatanong sa pamamagitan ng serbisyo sa SMS (Para sa mga taong may kahinaan sa pandinig / nahihirapan sa pananalita): 6972566616538

Website: www.eoc.org.hk

(Ang serbisyo ng interpretasyon ay maaring isaayos kapag hiniling, sumasailalim sa pagiging mayroon nito)